SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

# ANTAS NG KAHANDAAN NG MGA GURONG MAGSASANAY SA PAGTUTURO NG FILIPINO

**Ruben A. Indita, Joan S. Bacabac, Arrianne Jane B. Mabahin, Jassel Angel Abuda, Annabelle L. Balderian**

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra20600
**DOI No: 10.36713/epra20600**

**ABSTRAK**

*Ang kurikulum ng undergraduate na edukasyon sa programang Batsilyer sa Edukasyong Pansekundarya ay nagtatakda ng internship o pagsasanay para sa mga gurong magsasanay sa mga paaralan at iba pang mga kasangkot na paaralan. Ito ay nakabatay sa CMO No. 104 s. 2017 na tumutukoy sa praktikal na aplikasyon ng natutuhan ng mga gurong nagsasanay sa silid-aralan tungo sa aktuwal na pagtuturo (Commission on Higher Education [CHED], 2017). Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino. Ang pag-aaral na ito ay kwantitatibo na gumamit ng descriptive-correlational research design. Isinagawa ang pananaliksik sa pampublikong paaralan sa lungsod ng Tacloban na kilala sa pagpoprodyus ng mataas na propesyunal sa larangan ng edukasyon at iba pang kaugnay na larangan. Samantala, ang ginamit na instrumento ng mga mananaliksik ay talatanungan na isang structured close-ended questionnaire, gayundin ang adopted survey questionnaire na mula sa pag-aaral ni Benito (2023). Ginamit ang Krejcie at Morgan table sa pagtukoy ng pitumpu't lima (75) na sample size at fishbowl sampling technique naman sa pagtukoy sa mga respondente ng pag-aaral. Ang tritment ng datos ay ang frequency count, weighted mean, median, at Spearman Rank Correlation Coefficient. Para sa naging resulta ng pag-aaral, natuklasan na may makabuluhang kaugnayan ang akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay partikular sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino na mayroong ρ=0.502. Inirerekomenda ng mga mananaliksik na magsagawa ng mga seminar at pagsasanay sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino para sa lalong ikagagaling ng pagtuturo ng mga gurong magsasanay.*

**MGA SUSING SALITA*:*** *Antas ng kahandaan, Akademikong Performans, Gurong magsasanay, Paggamit ng wika sa pagtuturo*

## INTRODUKSYON

Ang kurikulum ng *undergraduate* na edukasyon sa programang Batsilyer sa Edukasyong Pansekundarya ay nagtatakda ng *internship* o pagsasanay para sa mga gurong magsasanay sa mga paaralan at iba pang mga kasangkot na paaralan. Ito ay nakabatay sa CMO No. 104 s. 2017 na tumutukoy sa praktikal na aplikasyon ng natutuhan ng mga gurong nagsasanay sa silid-aralan tungo sa aktuwal na pagtuturo (Commission on Higher Education [CHED], 2017). Sa kabilang banda, naglabas ng pahayag ang Commission on Higher Education (CHED, 2017) ng mga bagong patakaran, pamantayan, at gabay ganoon din ang binagong programa ng pagtuturo ng mga mag-aaral para sa mga *experiential learning courses* ng mga gurong nagsasanay. Tumugon din ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng paglalabas ng DepEd Order No. 42, s. 2017 na nagsasaad ng pagtanggap at pagpapatupad ng *Philippine Professional Standards for Teachers* (PPST) para sa patuloy na propesyonal na pag-unlad at pag-angat ng guro. Ang *Philippine Professional Standards for Teachers* (PPST) ay kinapapalooban ng pitong *domain* o mga kasanayan na naglalayong maging batayan sa pagkatuto at patuloy na pag-unlad ng guro upang masigurado ang lubusang paghubog sa mga kakayahan sa pagtuturo ng mga gurong nagsasanay (Department of Education [DepEd], 2017).

Subalit, isa sa mga suliranin sa kalidad ng pagtuturo ay ang pagkakaroon ng mga *out-of-field teachers* na nakaaapekto sa de-kalidad na pagtuturo sa Filipino na nagkokompromiso sa Kurikulum sa Batayang Edukasyon. Ito ay napatunayan sa pag-aaral ni Augusto (2020), na may negatibong dulot sa emosyonal na aspekto ng guro at nagbibigay din sa kanila ng suliranin at balakid na maging epektibo. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng pananaliksik na matukoy ang antas ng kahandaan ng mga gurong magsasanay nang sa ganoon ay maiwasan ang mga nabanggit na suliranin na may kaugnayan sa usaping *out-of-field*.

Sa isinagawang pag-aaral nina Caingcoy et al. (2022), natukoy na kailangan pang sanayin ang mga gurong nagsasanay kung paano lumikha ng isang interaktibong silid-aralan kung saan ang mga mag-aaral at gurong nagsasanay ay maaaring makaramdam ng paggalang at konektado sa isa't isa. Dagdag pa sa nabanggit, bagamat ang mga guro sa pagsasanay ay nagtataglay ng kahandaan sa ilang mga kasanayan, ang *developing attitudes* at *engendering competence*, para sa pagtugon sa magkakaibang kultura na mga mag-aaral, hinahamon sila ng kanilang pagkabalisa tungkol sa kanilang mahinang kaalaman sa *cross-cultural* at kasanayan sa wika.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

Lumabas sa pag-aaral ni Udoh (2012), na malaki ang impluwensya ng kasarian ng guro sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay mas nagiging aktibo kung kaparehong kasarian ang nagtuturo sa kanila. Subalit, salungat sa pag-aaral nina Majzub & Rais (2010), ang pagtuturo ay hindi nakadepende sa kasarian ngunit naiimpluwensyahan sa pamamagitan ng kahandaan, kakayahan, pagsasanay, kakayahan, karanasan at motibasyon ng mga guro. Kaugnay nito, binibigyang-diin ang pananaliksik na matukoy ang kaugnayan ng akademikong performans ng mga gurong magsasanay sa antas ng kahandaan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at paggamit ng wika na hindi nabigyang pansin sa naunang pag-aaral tulad ng pananaliksik nina Udoh (2012) at Majzub & Rais (2010).

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nakatuon na matukoy ang akademikong performans ng mga gurong magsasanay at ang antas ng kahandaan ayon sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo, gayundin ang kaugnayan ng akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino na hindi nabigyang pansin o tuon sa mga naunang pananaliksik kagaya ng pananaliksik nina Augusto (2020) at Caingcoy et al. (2022). Ang malawak na saklaw ng mga naunang pananaliksik ay nilimitahan sa kasalukuyang pag-aaral upang maitatag nang malinaw ang *gap* ng kasalukuyang pananaliksik nang sa ganoon ay magkaroon ng tiyak na direksiyon ang isinasagawang pananaliksik.

Ang kahalagahan ng pananaliksik na ito ay makapagbigay kaalaman sa mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino upang maihanda at mapaunlad ang mga kakayahan at kasanayang pampropesyunal. Gayundin na makita ang kaugnayan ng akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino nang sa ganoon ay malaman kung nakaaapekto ito sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino. Tinitiyak sa pag-aaral na masagot ang sumusunod;

1. Ano ang akademikong performans ng mga gurong magsasanay sa Filipino?
2. Ano ang antas ng kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino ayon sa:
   - 2.1. kaalaman sa paksa;
   - 2.2. paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo;
   - 2.3. pamamaraan sa pagtuturo; at
   - 2.4. kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo?
3. Ano ang kaugnayan ng akademikong performans ng mga gurong magsasanay sa kahandaan ng pagtuturo ng Filipino batay sa:
   - 3.1. kaalaman sa paksa;
   - 3.2. paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo;
   - 3.3. pamamaraan sa pagtuturo; at
   - 3.4. kakayahan sa paggamit ng wika?

## METODOLOHIYA

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kwantitatibo na gumamit ng *descriptive-correlational.* Ang *descriptive-correlational design* ay ginagamit sa mga pananaliksik na naglalayong magbigay ng mga *static* na larawan ng mga sitwasyon pati na rin ang pagtatatag ng ugnayan sa pagitan ng iba't ibang mga baryabol (McBurney & White, 2009).

Ginamit ang binanggit na disenyo dahil makatutulong ito sa pagtukoy sa antas at kaugnayan ng mga baryabol. Gayundin, ginamit ng mga mananaliksik ang *descriptive-correlational* upang magkaroon ng baliditi sa malawak na datos.

## SAMPLING DESIGN

Sa pagpili ng respondente, ginamit ang Krejcie at Morgan table. Sina Krejcie at Morgan (1970), ay gumawa ng isang talahanayan para sa pagtukoy ng laki ng *sample* sa kategoryang uri ng datos. Ang mga *formula* na ito ay paraan sa pagtukoy sa laki ng *sample* at nagbibigay ng magkatulad na laki ng *sample* sa mga kaso kung saan inaayos ng mananaliksik ang talahanayan batay sa laki ng populasyon, na dapat ay mas mababa o katumbas ng isang daan dalawampu (120).

## STATISTIC DESIGN

Ang tritment ng datos ay *frequency count*, *weighted mean*, *median*, at *Spearman's rank correlation coefficient.* Ang profayl ng mga guro sa unang bahagi ng talatanungan ay ginamitan ng *freuency count* at *weighted mean* kung saan binilang ang kabuuang bilang ng

mga babaeng gurong magsasanay at mga lalaking gurong magsasanay. Pagkatapos ay ginamit ang *weighted mean* sa pagkuha ng akademikong performans ng mga gurong magsasanay. Sa ikalawang bahagi naman ng talatanungan ay ginamit ang *median* sa pagkuha ng deskripsyon ng kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino. Ang *median* ay ginagamit sa *ordinal-level* na *data* o kapag ang isang *interval/ratio-level variable* ay *skewed* (The University of Utah, 2024).

*Spearman'srank correlation coefficient* ang ginamit upang makita ang kaugnayan ng akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino. Ang *Spearman's rank correlation coefficient* ay isang *nonparametric (distribution-free) rank statistic* na iminungkahi ni Charles Spearman bilang sukatan ng lakas ng isang kaugnayan sa pagitan ng dalawang variable. Tinatasa nito kung gaano kahusay na maaaring ilarawan ng isang *arbitrary monotonic function* ang isang relasyon sa pagitan ng dalawang *variable* at ginagamit din para sa mga variable na sinusukat sa antas ng ordinal (Hauke & Kossowski, 2011). Ginamit din ang *likert scale* upang masuri at maanalisa ang mga nakalap na datos mula sa mga respondente. Ang *five* (5) *point likert scale* na ginamit sa kasalukuyang pag-aaral ay batay sa pag-aaral ni Benito (2023).

## GEOGRAPHICAL AREA

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa pampublikong paaralan sa lungsod ng Tacloban. Ang napiling lokal ay kilalang nagpoprodyus ng mataas na propesyonal na mga tagubilin at tagapagtaguyod ng serbisyo sa pananaliksik, sining at agham, mga *advanced* na pag-aaral at progresibong pamumuno sa edukasyon at iba pang mga kaugnay na larangan na pinamamahalan at pinatatakbo ng Commision on Higher Education (CHED).

## RESULTA

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga sumusunod na layunin: ano ang akademikong performans ng mga gurong magsasanay, ano ang antas ng kahandaan ng mga gurong magsasanay ayon sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at paggamit ng wika sa pagtuturo, at ang kaugnayan ng akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay.

Kaugnay nito, natuklasan sa pag-aaral ang mga sumusunod: nakita na ang mga gurong magsasanay ay mahusay sa mga akademikong pagganap na mayroong *weighted mean* na 1.65.

Natuklasan din na handa ang mga gurong magsasanay sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino na mayroong *median* na 4.

Bahagi rin sa natuklasan ang kaugnayan ng akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay partikular sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at paggamit ng wika sa pagtuturo. Ang akademikong performans sa kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo ay may $\rho=0.502$ na nagsasabing may makabuluhang ugnayan ang akademikong performans sa kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng mga gurong magsasanay, habang ang akademikong performans sa pamamaraan sa pagtuturo ay may $\rho=0.372$ na nagsasabing ang akademikong performans at pamamaraan sa pagtuturo ay may katamtamang ugnayan o *moderate correlation.* Samantala, ang akademikong performans sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo ay may $\rho=0.201$ na nangangahulugang ang akademikong performans at paggamit ng kagamitang pampagtuturo ay may mahinang ugnayan, habang ang $\rho=0.141$ ay nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino partikular sa kaalaman sa paksa.

Sa kabuoan, mahusay ang akademikong performans ng mga gurong magsasanay, habang handa naman sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino. Samantala, may makabuluhang ugnayan sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino, habang may katamtamang ugnayan ang akademikong performans sa pamamaraan sa pagtuturo. Samantala, mayroong mahinang ugnayan (weak correlation) naman sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at walang makabuluhang ugnayan (no or neglegible correlation) ang akademikong performans sa kaalaman sa paksa.

## REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang sumusunod:

1. Magsagawa ng mga gawaing pang akademiko para sa mga gurong magsasanay upang mas lalong mahubog at mapaunlad ang kanilang kakayahan at kaalaman sa akademikong larangan.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

2. Nararapat na pagtuunan ng pansin ang pagsasagawa ng mga *seminar* at pagsasanay sa mga gurong magsasanay kaugnay sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino para sa lalong ikagagaling at matamo ang lubos na kahandaan sa pagtuturo.
3. Maaring gumawa ng alternatibong programa tulad ng pagbuo ng isang *podcast* kung saan, ang gamit na midyum ay Filipino at ang paksang pinag-uusapan o *content* ay tungkol sa wika at maaari ding maitampok ang kultura ng mga Filipino.


## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral ay nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Mahusay ang akademikong performans ng mga gurong magsasanay.
2. Ang mga gurong magsasanay ay handa sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino.
3. May makabuluhang ugnayan sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino, habang may katamtamang ugnayan ang akademikong performans sa pamamaraan sa pagtuturo. Samantala, mayroong mahinang ugnayan *(weak correlation)* naman sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at walang makabuluhang ugnayan *(no or neglegible correlation)* ang akademikong performans sa kaalaman sa paksa.

## FIGYUR

**Balangkas ng Pag-aaral**




**Figyur 1. Balangkas ng Pag-aaral**

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

Table for Determining Sample Size from a Given Population

| N | S | N | S | N | S |
|---|---|---|---|---|---|
| 10 | 10 | 220 | 140 | 1200 | 291 |
| 15 | 14 | 230 | 144 | 1300 | 297 |
| 20 | 19 | 240 | 148 | 1400 | 302 |
| 25 | 24 | 250 | 152 | 1500 | 306 |
| 30 | 28 | 260 | 155 | 1600 | 310 |
| 35 | 32 | 270 | 159 | 1700 | 313 |
| 40 | 36 | 280 | 162 | 1800 | 317 |
| 45 | 40 | 290 | 165 | 1900 | 320 |
| 50 | 44 | 300 | 169 | 2000 | 322 |
| 55 | 48 | 320 | 175 | 2200 | 327 |
| 60 | 52 | 340 | 181 | 2400 | 331 |
| 65 | 56 | 360 | 186 | 2600 | 335 |
| 70 | 59 | 380 | 191 | 2800 | 338 |
| 75 | 63 | 400 | 196 | 3000 | 341 |
| 80 | 66 | 420 | 201 | 3500 | 346 |
| 85 | 70 | 440 | 205 | 4000 | 351 |
| 90 | 73 | 460 | 210 | 4500 | 354 |
| 95 | 76 | 480 | 214 | 5000 | 357 |
| 100 | 80 | 500 | 217 | 6000 | 361 |
| 110 | 86 | 550 | 226 | 7000 | 364 |
| 120 | 92 | 600 | 234 | 8000 | 367 |
| 130 | 97 | 650 | 242 | 9000 | 368 |

**Figyur 2. Krejcie at Morgan**

**Pormula:** $\bar{x} = \frac{\sum wx}{\sum p}$

**Kung saan**

$\bar{x}$- weighted mean

$\sum$- summation o kabuuang bilang ng tugon

x- weight o bigat ng tugon

p- bilang ng populasyon

**Figyur 3. Weighted Mean**

| Grade | Grade Description |
|---|---|
| 1.0 (100-95) | Excellent |
| 1.1-1.5 (94-90) | Very Good |
| 1.65-2.5 (89-80) | Good |
| 2.6-3.0 (79-75) | Fair |
| 4.0 (74-70) | Conditional |
| 5.0 (63 and below) | Failure |

**Figyur 4. Leyte Normal University Grading System**

$$median = (n + 1) \div 2$$

***Figyur 5. Median***

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

| Scale | Range | Description |
|---|---|---|
| 5 | 4.50-5.00 | Handang-handa |
| 4 | 3.50-4.49 | Handa |
| 3 | 2.50-3.49 | Di-gaanong handa |
| 2 | 1.50-2.49 | Hindi handa |
| 1 | 1.00-1.49 | Walang Kahandaan |

***Figyur 6. Five Point Likert Scale***

$$\rho = 1 - \frac{6\sum d_i^2}{n(n^2-1)}$$

***Figyur 7. Spearman Rank Correlation***

| Spearman ρ | Correlation |
|---|---|
| ≥0.70 | Very strong correlation |
| 0.40-0.69 | Strong correlation |
| 0.30-0.39 | Moderate correlation |
| 0.20-0.29 | Weak correlation |
| 0.01-0.19 | No or negligible correlation |

(Adapted from Dancey and Reidy, 2004)

**Figyur 8. Spearman Correlation Interpretation**

## TALAHANAYAN

**Talahanayan 1**
***Akademikong Performans***

| Kasarian | Bilang ng mga Respondente | Mean | Grade Description |
|---|---|---|---|
| Babae | 64 | 1.72 | Good |
| Lalaki | 11 | 1.58 | Good |
| **Kabuuan** | **75** | **Weighted Mean 1.65** | **Good** |

*Legend: 1.0 (100-95) Excellent; 1.1-1.5 (94-90) Very Good; 1.65-2.5 (89-80) Good; 2.6-3.0 (79-75) Fair; 4.0 (74-70) Conditional; 5.0 (63 and below) Failure*

Makikita sa Talahanayan 1 ang resulta ng pag-aaral hinggil sa akademikong performans ng mga gurong magsasanay na binubuo ng pitumpu't limang (75) bilang. Ang mga gurong magsasanay na babae ay may bilang na animnapu't apat (64) kung saan ang *average mean* ay 1.72 na ibig sabihin ay *good* o mahusay. Sa kabilang banda, ang mga gurong magsasanay na lalaki ay may bilang na labing-isa (11) kung saan ang *average mean* ay 1.58 na ang ibig sabihin naman ay *very good* o napakahusay. Sa kabuoan, mas marami ang mga gurong magsasanay na babae na nagpapakadalubhasa sa Filipino kaysa sa mga gurong magsasanay na lalaki. Batay sa datos, nakita na mas mataas ang *average mean* ng mga gurong magsasanay na lalaki na mayroong *mean* na 1.58 kaysa sa mga gurong magsasanay na babae na mayroong *mean* na 1.72. Nakita sa datos na ang akademikong pagganap ng mga gurong magsasanay ay may *weighted mean* na 1.65 na ang ibig sabihin ay *good* o mahusay.

Ayon sa pag-aaral ni Calixtro (2023), ang marka ay isa mga basehan para sa kagalingan ng isang gurong magsasanay partikular na sa *eloquency* o kagalingan sa pagsasalita, paggawa ng banghay-aralin at sa kabuoang pagganap ng isang gurong magsasanay. Bagamat natuklasan na may kaugnayan ang akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay partikular sa pamamaran sa

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika, maaaring lumahok sa mga *seminars*, *workshop,* at *training* upang lubos na maging handa ang mga gurong magsasanay na binanggit sa pag-aaral ni Mantra (2017).

**Antas ng Kahandaan ng mga Gurong Magsasanay sa Pagtuturo ng Filipino**

**Talahanayan 2**

***Kahandaan ng Gurong Magsasanay sa Kaalaman sa Paksa***

| Aytem | Gurong Magsasanay | |
|---|---|---|
| | Median | Interpretasyon |
| 1. Natatalakay ko ang wika nang may sapat na kaalaman bilang paksa sa talakayan. | 4 | Handa |
| 2. Nakapagtuturo ako ng balarila nang may buong kaalaman bilang paksa. | 4 | Handa |
| 3. Natatalakay ko ang Panitikan nang may sapat na kaalaman sa aking pagtuturo bilang paksa. | 4 | Handa |
| 4. Natuturuan ko ang mga mag-aaral ng pagbaybay ng may sapat na kaalaman bilang paksa. | 4 | Handa |
| 5. Natatalakay ko nang buong kaalaman ang kultura ng wika sa aking pagtuturo. | 4 | Handa |
| 6. Naituturo ko ang Komunikasyon nang buong kaalaman sa aking pagtuturo. | 4 | Handa |
| 7. Natatalakay ko ang mga barayti ng wika nang may sapat na kaalaman sa aking pagtuturo. | 4 | Handa |
| 8. Nakapagtuturo ako ng tamang gamit ng mga salita sa komunikasyon at iba pang gamit sa wika nang may sapat na kaalaman. | 4 | Handa |
| 9. Naituturo ko ang tamang paraan ng pagsasalita ayon sa; pagbigkas ng malakas, pagbabasa ng malakas at pagpapaulit. | 4 | Handa |
| 10. Naituturo ko ang tamang pagbasa sa mga mag-aaral. | 5 | Handang-handa |
| 11. Naituturo ko ang tamang pakikinig sa mga mag-aaral bilang paksa. | 4 | Handa |
| 12. Naituturo ko ang tamang pagsulat ng sulating pananaliksik sa mga mag-aaral. | 4 | Handa |
| **Median** | **4** | **Handa** |

*(Adopted survey questionnare mula sa pag-aaral ni Benito,2023)*

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang kahandaan ng mga gurong magsasanay sa kaalaman sa paksa. Makikita na sa labindalawang (12) aytem, isa (1) sa mga aytem ay nakakuha ng *median* na 5 na may interpretasyong Handang-handa (Hha). Ito ay nagsasabing handang-handa ang mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng tamang pagbasa sa mga mag-aaral. Samanatala, ang iba pang mga aytem ay may *median* na 4 na ibig sabihin ay handa lamang ang mga gurong magsasanay.

Sa kabuoan, ang *median* na 4 ay may interpretasyon na Handa (H) ay nangangahulugang ang mga gurong magsasanay ay handa sa pagtuturo ng kaalaman sa paksa. Sang-ayon sa pag-aaral nina Rice at Kitchel (2016), ang mga guro na mayroong sapat na kahandaan sa nilalaman ng paksa ay maaring epektibong lumikha ng mga representasyon para sa mga konsepto, matukoy at mabigyan ng sapat na tugon ang maling akala ng mga estudyante, at planuhin ang kurikulum upang mapabuti ang pag-aaral ng mga estudyante na makatutulong upang magkaroon ng kalidad na edukasyon para sa mga mag-aaral.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 3**
***Kahandaan ng Gurong Magsasanay sa Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo***

| Aytem | Gurong Magsasanay | |
|---|---|---|
| | **Median** | **Interpretasyon** |
| 1. Gumagamit ako ng Teyp Rekorder, Radyo sa aking pagtuturo. | 4 | Handa |
| 2. Gumagamit ako ng mga larawang gumagalaw at di-gumagalaw, telebisyon/pelikula sa aking pagtuturo. | 4 | Handa |
| 3. Nagsasagawa ako ng eksibit, ekskursyon, Demonstrasyon sa pagtuturo. | 4 | Handa |
| 4. Nagsasagawa ako ng mga worksyap sa mga mag-aaral sa aking pagtuturo. | 3 | Di-Gaanong handa |
| 5. Gumagamit ako ng teksbuk bilang gabay sa aking pagtuturo. | 5 | Handang-handa |
| 6. Gumagamit ako ng Chart sa pagtuturo. | 4 | Handa |
| 7. Ginagamit ko ang laptop, projector at iba pang mga gamit pangteknolohiya sa pagtuturo. | 5 | Handang-handa |
| 8. Gumagamit ako ng Gabay na Kurikulum sa aking pagtuturo. | 5 | Handang-handa |
| 9. Gumagamit ako ng modyul bilang gabay ng mga mag-aaral sa aking pagtuturo. | 5 | Handang-handa |
| 10. Gumagamit ako ng mga awtentikong teksto sa pagtuturo. | 4 | Handa |
| **Median** | **4** | **Handa** |

*(Adopted survey questionnare mula sa pag-aaral ni Benito,2023)*

Ipinapakita ng Talahanayan 3 ang kahandaan ng mga gurong magsasanay sa paggamit ng kagamitang-pampagtuturo. Makikita na sa sampung (10) aytem, apat (4) sa mga aytem ay nakakuha ng *median* na 5 na may interpretasyong Handang-handa (Hha). Ang aytem 5,7,8,9 ay may katumbas na 5 na *median* para sa mga gurong magsasanay. Ito ay nagsasabing handang-handa ang mga gurong magsasanay sa paggamit ng teksbuk bilang gabay sa kanilang pagtuturo (aytem 5), paggamit ng laptop, projector at iba pang mga gamit at teknolohiya sa pagtuturo (aytem 7), paggamit ng gabay na kurikulum sa pagtuturo (aytem 8), at paggamit ng modyul bilang gabay ng mga mag-aaral sa pagtuturo (aytem 9). Lumabas naman sa aytem 1,2,3, 6,10, na Handa (H) ang mga gurong magsasanay na may *median* na 4. Sa aytem 1, handa ang mga gurong magsasanay sa paggamit ng teyp rekorder, radyo sa pagtuturo, paggamit ng mga larawang gumagalaw at di-gumagalaw, telebisyon/pelikula sa pagtuturo (aytem 2), pagsasagawa ng eksibit, ekskursyon, Demonstrasyon sa pagtuturo (aytem 3), paggamit ng *chart* sa pagtuturo (aytem 6), paggamit ng mga awtentikong teksto sa pagtuturo (aytem 10). Ang ikaapat na aytem (4) ay nakakuha ang mga gurong magsasanay ng 3 na *median*, nangangahulugang di-gaanong handa (Dgh) sa pagsasagawa ng mga worksyap sa mga mag-aaral sa pagtuturo.

Ang kabuoang aytem ay nakakuha ng 4 na *median* na nangangahulugang, Handa ang ang mga gurong magsasanay sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Maaari ding suportahan at ihanda ang mga gurong magsasanay para sa kanilang karera sa pagtuturo sa pamamagitan ng pakikilahok sa tinatawag na *support seminar group* kung saan natuklasan na ang mga gurong magsasanay na hindi nakatanggap ng *support seminar* ay walang sapat na kakayahan at kahandaan sa pagtuturo (Polly et al., 2012).

**Talahanayan 4**
***Kahandaan ng Gurong Magsasanay sa Pamamaraan sa Pagtuturo***

| Aytem | Gurong Magsasanay | |
|---|---|---|
| | **Median** | **Interpretasyon** |
| 1. Gumagamit ako ng pagtuturong nakapukos sa mag-aaral (Learner-Centered Teaching). | 5 | Handang-handa |
| 2. Nagagawa ko ang kooperatibong pagkatuto sa mga mag-aaral. | 4 | Handa |
| 3. Nagagawa ko ang pagkatutong interaktibo (Interactive Learning) sa mga mag-aaral. | 4 | Handa |
| 4. Nagagawa ko ang pagkatutong integratibo (Integrative Learning) sa mga mag-aaral. | 4 | Handa |
| 5. Nagagamit ko ang Assertive Approach o Dulog Asertibo sa Pamamahala at Pagdidisiplina. | 4 | Handa |
| 6. Nagagamit ko ang kasiya-siyang gawain gaya ng kwento. | 4 | Handa |
| 7. Nagagawa ko ang kasiya-siyang gawaing pagsasadula o role plays brainstorming. | 4 | Handa |
| 8. Nagagawa ko ang gawaing debate. | 4 | Handa |
| 9. Nagagawa ko ang mga larong pangwika o language games. | 4 | Handa |
| 10. Gumagamit ako ng pamamaraang grammar translation. | 4 | Handa |
| 11. Binibigyang-diin ang pagbasa at pagsulat upang malinang ang kahusayan sa pakikinig at pagsasalita. | 5 | Handang-handa |
| 12. Isinasaalang-alang ko ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng teksto. | 5 | Handang-handa |
| 13. Gumagamit ako ng target na wika sa pagkaklase. | 5 | Handang-handa |
| 14. Itinuturo ko ang pang-araw-araw na bokabularyo. | 4 | Handa |
| 15. Nalilinang ko ang kasanayang pagsasalita sa pamamagitan ng tanong-sagot na paraan. | 4 | Handa |
| 16. Itinuturo ko ang mga bagong aralin sa pamamagitan ng pagmomodelo at pagsasanay. | 4 | Handa |
| 17. Gumagamit ako ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sa pagtuturo ng mga paksa sa Filipino. | 5 | Handang-handa |
| 18. Pinapagamit ko ang mga mag-aaral ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sa paghahanda sa kanila sa patuloy na pagbabago ng panahon. | 5 | Handang-handa |
| 19. Gumagamit ako ng Iba't Ibang babasahin na may kaugnayan sa paksa para sa mas malawak na kaalamang maibibigay nito. | 4 | Handa |
| 20. Nagbibigay ako ng pagkakataon sa mag-aaral na bigyang pokus hindi lamang ang wikang pinag-aralan kundi pati na rin ang proseso sa pagkatuto nito. | 4 | Handa |
| 21. Itinuturing ko ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahahalagang input sa pagkatuto. | 4 | Handa |
| 22. Sinisikap ko na maiugnay ang mga pagkatuto sa loob ng klasrum sa mga gawaing pangwika sa labas ng klasrum. | 4 | Handa |
| 23. Inaasahang kong magkakamali ang mga estudyante sa pagsisimula nilang magsalita; mga kamaliang global lamang ang iwawasto. | 4 | Handa |
| 24. Nakapokus ako sa mga pangangailangan, tungkulin at istilo sa paggamit ng wika. | 4 | Handa |
| 25. Nagbibigay ako ng ilang patnubay sa mga mag-aaral (halimbawa, pangkatang gawain o pagsasanay sa paggamit ng wika). | 5 | Handa ng-handa |
| 26. Hinihikayat ko rin ang sariling pagtataya upang mabatid ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unlad sa pagkatuto ng wika. | 4 | Handa |
| **Median** | **4** | **Handa** |

*(Adopted survey questionnare mula sa pag-aaral ni Benito,2023*

Makikita sa Talahanayan 4 ang kahandaan ng guro sa pamamaraan sa pagtuturo na may dalawamput-anim (26) na aytem, na kung saan pito (7) sa mga aytem ay nakakuha ng *median* na 5 na may interpretasyong Handang-handa (Hha). Ang aytem 1, aytem 11, aytem 12, aytem 13, aytem 17, aytem 18, at aytem 25 ay may pare-parehong *median* na 5. Ito ay nagsasabing handang-handa ang mga gurong magsasanay sa pamamaraan sa pagtuturo partikular sa paggamit ng pagtuturong nakapukos sa mga mag-aaral (*Learner-Centered Teaching*), pagbibigay-diin sa pagbasa at pagsulat upang malinang ang kahusayan sa pakikinig at pagsasalita, pagsasaalang-alang sa kahandaan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng teksto, paggamit ng target na wika sa klase. Handang-handa rin sa paggamit ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sa pagtuturo ng mga paksa sa Filipino, maging ang pagpapagamit sa mga mag-aaral ng mga ito para ihanda sila sa patuloy na pagbabago ng panahon at pagbibigay ng ilang patnubay sa mga mag-aaral (halimbawa, pangkatang gawain o pagsasanay sa paggamit ng wika). Dagdag pa, labing-siyam (19) sa mga aytem ay sinagutan ng mga gurong magsasanay na Handa (H). Ang aytem 2, aytem 3, aytem 4, aytem 5, aytem 6, aytem 7, aytem 8, aytem 9, aytem 10 ay pare-parehong may *median* na 4. Gayundin ang aytem 14, aytem 15, aytem 16, aytem 19, aytem 20, aytem 21, aytem 22, aytem 23, aytem 24, at aytem 26 ay may pare-parehong *median* na 4. Ito ay nagsasabing ang mga gurong magsasanay ay Handa (H) lamang sa pamamaraan sa pagtuturo partikular sa paggamit ng *Assertive Approach* o Dulog Asertibo sa pamamahala at pagdidisiplina, nagagawa ang kooperatibong pagkatuto sa mga mag-aaral, nagagawa rin ang pagkatutong integratibo *(Integrative Learning)* sa mga mag-aaral, at nagagawa ang gawaing debate. Handa lamang din ang mga gurong magsasanay sa paglinang ng kasanayang pagsasalita sa pamamagitan ng tanong-sagot na paraan, itinuturo ang mga bagong aralin sa pamamagitan ng pagmomodelo at pagsasanay, paggamit ng iba't ibang babasahin na may kaugnayan sa paksa para sa mas malawak na kaalamang maibibigay nito, pagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na bigyang pokus hindi lamang ang wikang pinag-aralan kundi pati na rin ang proseso sa pagkatuto nito, itinuturing ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahahalagang input sa pagkatuto, sinisikap na maiugnay ang mga pagkatuto sa loob ng klasrum sa mga gawaing pangwika sa labas ng klasrum, nakapokus sa mga pangangailangan, tungkulin at istilo sa paggamit ng wika, at hinihikayat din ang sariling pagtataya upang mabatid ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unlad sa pagkatuto ng wika.

Ganoon pa man, natuklasan sa pag-aaral na ang mga gurong magsasanay ay Handa (H) sa mga pamamaraan sa pagtuturo na may *median* na 4. Ang isang guro ay may malaking bahagi sa pagiging matagumpay ng isang mag-aaral kaya nararapat lamang na magkaroon sila ng sapat na kahandaan sa pagtuturo (Fernandez et al., 2013). Sa komprehensibong pagtalakay ni Villafuerte (2019), mahalaga sa isang guro na mapaghandaan ang iba't ibang estratehiya na magagamit sa pagtuturo. Hindi lahat ng estratehiya sa pagtuturo ay nakatuon lamang sa gawaing pasalita. Ang pagtuturo ay isang napakahirap na gawain. Hindi sapat na ang isang guro ay magtuturo lamang, kailangan ay nauunawaan ng mga mag-aaral upang maging makabuluhan ito. Ang mga guro ay patuloy na nag-aaral sa mga angkop na estratehiya sa pagtuturo ng mga aralin upang ang mga mag-aaral ay mahikayat na mag-aral at matutuhan ang kanilang mga aralin (Huevos, 2019).

**Talahanayan 5**
***Kahandaan ng mga Gurong Magsasanay sa Paggamit ng Wika***

| Aytem | Gurong Magsasanay | |
|---|---|---|
| | **Median** | **Interpretasyon** |
| 1. Nakakapagsalita ng wikang Filipino na may wastong punto at paraan ng artikulasyon. | 4 | Handa |
| 2. Nakagagamit ng wikang Filipino na may wastong hinto, punto at pantig. | 4 | Handa |
| 3. Nakapagsasalita ng ayon sa wastong himig at indayog ng wikang Filipino. | 4 | Handa |
| 4. Nakabubuo ng mga pangungusap ayon sa sintaks ng wikang Filipino. | 4 | Handa |
| 5. Nakapagpapahayag ng matatas sa mga karaniwan at akademikong konsepto gamit ng wikang Filipino | 4 | Handa |
| 6. Nakagagamit ng mga salitang Filipino sa wastong konteksto ng pagpapahayag. | 4 | Handa |
| 7. Nakagagamit ng apat na makrong kasanayan sa Filipino. | 4 | Handa |
| 8. Nakikilala ang mga pagkakamaling pambalarila ng wikang Filipino. | 4 | Handa |
| 9. Gumagamit ng mga awtentikong wika bilang input sa konteksto ng tunay na paggamit nito | 4 | Handa |
| 10. Binibigyang-diin ang komunikasyong pasalita; isinasaalang-alang ang kulturang katutubong tagapagsalita sa pagkatuto ng pangalawang wika. | 4 | Handa |
| 11. Isinasanib sa pagkatuto ng wika ang mga aspeto ng kultura | 4 | Handa |

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| 12. Pinalilinaw ang mga kahulugan sa pangalawang wika sa pamamagitan ng mga kilos. | 4 | Handa |
| 13. Binibigyang-diin ang pagkaunawa para sa mabisang pagsasalita. | 4 | Handa |
| 14. Nagagamit ang wika sa pagpapaliwanag ng paksa. | 4 | Handa |
| 15. Binibigyan-diin ang kasanayan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng interaksyon sa target na wika. | 4 | Handa |
| **Median** | **4** | **Handa** |

*(Adopted survey questionnare mula sa pag-aaral ni Benito,2023)*

Makikita sa talahayan ang kahandaan ng mga gurong magsasanay sa kakayahan sa paggamit ng wika na binubuo ng labinlimang (15) aytem. Sa nasabing saklaw ay makikitang nakakuha ng *median* na 4 na may interpretasyong Handa (H) ang mga gurong magsasanay. Ang kabuuang aytem ay nakakuha ng 4 na *median* na nangangahulugang, Handa ang mga gurong magsasanay sa paggamit ng wika sa pagtuturo. Sang-ayon sa naging pag-aaral ni Canillo (2013) na wika ang pamamaraan upang maipahayag ang saloobin at kaalaman at kapag kapos ang guro nito, may epekto ito sa pagkatuto ng mga bata. Kaya't hindi maitatanggi na dapat ay may lubos na kahandaan ang mga guro sa paggamit ng wika sa mas makabuluhang pagtuturo.

**Ugnayan ng Akademikong Performans sa Kahandaan ng mga Gurong Magsasanay sa Pagtuturo ng Filipino**

**Talahanayan 6**

***Ugnayan ng Akademikong Performans sa Kahandaan ng mga Gurong Magsasanay sa Pagtuturo ng Filipino***

| | | Akademikong Performans | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| | | Spearman's rho | p-value | |
| 1. | Kaalaman sa paksa | 0.141 | 0.228 | *No or Negligeble Correlation* |
| 2. | Paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo | 0.201 | 0.084 | *Weak positive correlation and not significant* |
| 3. | Pamamaraan sa pagtuturo | 0.372 | <0.001 | *Moderate positive correlation and significant* |
| 4. | Kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo | 0.502 | <0.001 | *Strong positive correlation and significant* |

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo ay may $\rho=0.502$ na nagsasabing may makabuluhang ugnayan ang akademikong performans sa kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng mga gurong magsasanay. Ito ay nangangahulugan na hindi mahusay ang mga gurong magsasanay sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino. Sa kabilang banda, ang pamamaraan sa pagtuturo ay may $\rho=0.372$ na nagsasabing ang akademikong performans at pamamaraan sa pagtuturo ay may katamtamang ugnayan o *moderate correlation.* Ang mga gurong magsasanay ay mahusay sa pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino. Kaugnay sa pag-aaral ni Salendab (2023) na kung mataas ang marka ng mga mag-aaral ay mahusay ang pagganap at paggamit ng mga estratehiya sa pamamaraan ng pagtuturo at ang may mga mababang marka naman ay nagpapakita ng karaniwang pagganap.

Samantala, ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo ay may $\rho=0.201$, ito ay nangangahulugan na ang akademikong performans at paggamit ng kagamitang pampagtuturo ay may mahinang ugnayan. Ang mga gurong magsasanay ay mahusay sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng Filipino. Ayon pa nga sa pag-aaral nina Falcasantos et al. (2024), natuklasan na hindi nakaaapekto ang marka ng mga gurong magsasanay upang epektibo at mahusay na makagamit ng kagamitang pampagtuturo sa daloy ng talakayan. Habang ang $\rho=0.141$ ay nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino partikular sa kaalaman sa paksa. Ito ay nangangahulugan na ang mga gurong magsasanay ay handa na makapagbigay ng malawak na kaalaman sa mga mag-aaral na hindi nagiging basehan ang mahusay o hindi mahusay na akademikong performans. Sinuportahan naman ito sa pag-aaral ni Juancho (2021) kung saan nakita na ang marka ng mga gurong nagsasanay ay walang kaugnayan sa antas ng kabihasaan sa kaalamang pangnilalaman o *content knowledge* (CK) o kaalaman sa paksa. Bagama't natuklasan na walang kaugnayan ang marka sa antas ng kahandaan ng mga gurong nagsasanay partikular sa kaalaman sa paksa, ang mataas na grado at may mataas na bilang ng pag-abot sa mataas na antas ng edukasyon ay sumasalamin sa husay at kasanayan sa larangan ng pag-aaral, na maaaring magresulta sa mas mahusay na paliwanag at pagtuturo ng mga konsepto (Carvalho, 2016). Ipinapakita rin na ang mga gurong magsasanay ay may higit na kahandaan sa kaalaman sa paksa at paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo kaysa sa pamamaraan sa pagtuturo at paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 3 | March 2025 - Peer Reviewed Journal

Sa kabuoan, nakita na ang mga gurong magsasanay ay napakahusay sa mga akademikong pagganap na mayroong *weighted mean* na 1.65. Gayundin, ang antas ng kahandaan ng mga gurong magsasanay ay nakita na handa sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino. Sa kabilang banda, nakita rin na may makabuluhang ugnayan ang akademikong performans sa kahandaan ng mga gurong magsasanay partikular sa pamamaran sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika na may $\rho=0.502$. Habang wala namang makabuluhang ugnayan ang *General Weighted Average* (GWA) sa antas ng kahandaan ng mga gurong magsasanay partikular sa kaalaman sa paksa, at paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo.

## REFERENCES

1. *Augusto, W. S. Jr. (2020). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field: Isang penomenolohikal na pagsusuri. The Normal Lights, 14(2), 195-220. https://doi.org/10.56278/tnl.v14i2.1651*
2. *Benito, J.J.L. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Global Scientifc Journal, 11(2), 2842-2890.*
3. *Caingcoy, M. E., Lorenzo, V. I. M., Ramirez, I. A., Libertad, C. D., Pabiona, R. G. Jr. & Mier, R. M. C. (2022). Assessing practice teachers' culturally responsive teaching: The role of gender and degree programs in competence development. IAFOR Journal of Cultural Studies, 7(1), 21-35.*
4. *Calixtro, R. M. (2023). Determinants of student internship performance in private higher education institutions: a model.*
5. *Canillo, Rodelle C. (2013). Pagsusuri sa mga salik pangguro na nakakaapekto sa kahandaan sa pagtuturo gamit ang wikang teduray. Paaralang Gradwado, Pamantasan ng Notre Dame Lungsod ng Cotabato.*
6. *Carvalho, R.G.G. (2016). Gender differences in academic achievement: the mediating role of personality. Personality and Individual Differences, 94, 54-58. https://doi.org/10.1016/j.paid.2016.01.011*
7. *CHED (2017). CMO No. 104 s. 2017. Revised guidelines of students' internship program in the Philippine (SIPP) for all programs.*
8. *Dancey, C. and Reidy, J. (2004) Statistics without Maths for Psychology: using SPSS for Windows. Prentice Hall, London.*
9. *DepEd. (2017). DepEd Order No. 42 s.2017: National adoption and implementation of the Philippine professional standards for teachers (PPST). Pasig City: DepEd.*
10. *Falcasantos, A. J. B., Buduan, A. J. P., Mendoza, R. L., Sabanal, J. T. & Ferbes, G. A. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng Mag-aaral sa asignaturang Filipino. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8(3), 109-120.*
11. *Fernandez, J., Abellano, J., Ruiz, R., Aragon, J., Almada, R., Ardiente, C. K. & Subang, L. A. (2013). Mga salik sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo sa asignaturang Filipino sa mataas na paaralang Palompon [Di-nalathalang tesis sa Masteral] Palompon Institue of Technology.*
12. *Fiedler, F. (1960). Fiedler's contingency theory. Leader attitudes and group effectiveness.*
13. *Hauke, J. & Kossowski, T. (2011). Comparison of values of pearson's and spearsman's correlation coefficients on the same sets of data. Quaestiones Geographicae, 30(2), 87-93.*
14. *Huevos, R. I. (2019). Strategies of teaching of pre-service teachers. Philippine E-Journal 8(3), 17-30.*
15. *Juancho, C. J. (2021). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at Kaalamang Pangnilalaman. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9(1), 1-11.*
16. *Krejcie, R. V., & Morgan, D. W. (1970). Determining Sample Size for Research Activities. Educational and Psychological Measurement, 30(3), 607-610. https://doi.org/10.1177/001316447003000308*
17. *Majzub, R. M. & Rais, M. M. (2010). Boys' Underachievement: Male versus Female Teachers. Procedia – Social and Behavioral Sciences, 7, 685-690. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2010.10.093*
18. *Mantra, I. B. N. (2017). Promoting primary school teachers' competence through dynamic interactive workshop and partnership. International Journal of Linguistics, Literature and Culture, 3(1), 1-6.*
19. *McBurney, D. & White, T. (2009). Research, methods. New York, NY: Cengage Learning.*
20. *Polly, D., Frazer, J., Hopper, C., Chapman, M. & Wells, R. (2012). Examining the influence of a support seminar on pre-service teachers' preparedness for student teaching. Education Resources Information Center, 5(1), 102-107.*
21. *Rice, A.H. & Kitchel, T. (2016). Influence of Knowledge of Content and Srudents on Beginning Agriculture Teachers' Approaches to Teaching Content. Journal of Agricultural Education, 57(4), 86-100.*
22. *Salendab, F. (2023). Proposed instructional scheme in the new normal education: Basis for pedagogical strategies/practices. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 6(8), 712-719.*
23. *The University of Utah, (2024). Central Tendency & Variability. https://tinyurl.com/4ysptws9*
24. *Udoh, N.A. (2012). Teacher gender and the academic performance of children in primary schools in Uyo Metropolis, Akwa Ibom State, Nigeria. Journal of Educational and Social Research, 2(1), 267-273.*
25. *Villafuerte, P. V. (sa pahayagan). Epektibong pagtuturo: Kahusayan ng guro sa paggamit ng wika. liwayway.*
26. *Vygotsky, L.S. (1978). Mind in Society: The development of higher psychological process. Cambridge, MA: Harvard University Press.*